# MGA TEXTBUK SA AGHAM AT MATEMATIKA
## Isinusulat na sa Filipino

*Anthony Joseph C. Ocampo, Ma. Luisa D. Ocampo at Roderick G. Galam*

Mas mabilis natututo ang mga estudyante sa Agham at Matematika kung sa sariling wika itinuturo ang mga ito.

Ito ang paniniwala ng UP nang ilunsad nito ang proyektong pagsusulat at paglalathala ng mga textbuk sa Agham at Matematika sa Filipino. Ang proyekto, sa pangangasiwa ng Sentro ng Wikang Filipino [SWF], ay tugon sa kawalan ng sapat at mahuhusay na textbuk sa Agham at Matematika. Sa orihinal na plano ng SWF, ang isasa-Filipino ay ang mga gamit panturo sa kursong Agham at Matematika sa programang General Education. Iminungkahi naman ng DOST, ang tagapondo ng proyekto, na isama na rin ang mga textbuk sa hay-skul.

*Layunin ng Proyekto*

Layunin ng proyekto ang makapagsulat at makapaglimbag ng mga textbuk para sa mga kurso ng Agham at Matematika sa hayskul.

*Pamamaraan*

Dahil sa ang mga manunulat ng textbuk ay nanggaling sa lahat ng hay-skul ng UP at sa Philippine Science High School, kinailangan nilang magpulong kasama ang kanilang mga prinsipal. Ginanap ang mga pulong na ito sa mga seminar-workshop kung saan napag-usapan at nagawa ang mga sumusunod na components ng proyekto.

A. Pagpaplano [16-18 Agosto 1994, UP Cebu]

Tinalakay sa pagpaplanong ito ang mga sumusunod:

1. Usaping Pangwika: Mga impormasyon at isyu
2. Ortograpiya at Ispeling
3. Pagkatuto sa Wika
4. Pagpasok ng mga Termino at Konseptong Bisaya
5. Pagsasalin
6. Pagbaybay sa Pagsasalin

Bumuo ang mga kalahok ng gabay sa pagbaybay, krinitik at inayos ang mga silabus, modyul at babasahin. Napagkaisahan dito na 17 textbuk ang isusulat, bawa't textbuk ay may apat na awtor [isang guro bawa't hay-iskul] at magkakaroon ng mga kritiko mula sa UP Faculty.

B. Pagbabalangkas [16-17 Setyembre 1994, ISMED UP Diliman]

Sa bahaging ito ng proyekto binalangkas ng mga writing teams ang mga nilalaman ng bawa't textbuk.

Dito sila bumuo ng mga huwarang leksiyon. Plinano din nila ang mga susunod na gawain.

C. Pagpapatuloy sa pagsulat ng textbuk [19-22 Mayo 1995, UP Iloilo]

Nagbigay-ulat sa lagay ng proyekto ang mga koordineytor at pinagpatuloy ang pagsusulat ng mga textbuk.

D. Huling yugto [27-29 Oktubre 1995, UP Los Baños]

Ginawa ang mga sumusunod sa kumperensiyang ito:

1. Pag-ulat ng pinal na anyo ng textbuk
2. Pagbahagi ng mga puna sa bawa't isa ang mga awtor
3. Pagpuna ng mga kritiko sa mga nagawang textbuk
4. Pagbigay ng solusyon sa mga partikular na problema
5. Pagtapos ng lahat ng mga gawain

*Mga Nagawa*

Pitong textbuk na ang naisulat sa Filipino at maaari nang ilunsad sa Enero 1997. Ang mga nabuong textbuk sa Matematika ay General Math, Elementary Algebra, Geometry, Trigonometry at Advanced Mathematics at General Science at Basic Physics naman sa Agham.

Mas mabilis natututo ang mga estudyante sa Agham at Matematika kung sa sariling wika itinuturo ang mga ito.